International Journal of Arts, Sciences and Education
Volume 6 Issue 1 | 2025

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 140-150

# Student's Writing Skills in Journalistic Texts as Basis for Developing E-Journalism Instructional Material

**Irene M. Nepomuceno[1], Anesa P. Mangindra[2]**

[1]Department of Education, Esperanza National High School
Esperanza, Sultan Kudarat, Philippines
irene.nepomuceno@deped.gov.ph
[2]Graduate School, Sultan Kudarat State University, Philippines
anesamangindra@sksu.edu.ph

**Abstract**

The objective of this study is to determine the level of proficiency of Grade 8 students in writing journalistic works and to develop an e-journalism instructional material. The study was conducted at Esperanza National High School during the Third Quarter of the 2024-2025 academic year. The participants consisted of thirty (30) students selected through random sampling, and the study followed a Research and Development design. Each student was given three sets of writing tasks: news writing, radio documentary, and social campaign. These tasks were assessed based on technical aspects, content, and ethics for news writing and radio documentaries, and on technical aspects, content, and persuasiveness for social campaign writing. Based on the results, it was found that students demonstrated a high level of proficiency in news writing and radio documentaries, while their proficiency level in social campaign writing was moderate. In response, an e-journalism instructional material was developed to serve as a learning aid and guide for students in writing journalistic works. The e-journalism instructional material underwent validation and acceptance evaluation by teachers and students to determine its effectiveness based on survey results. The findings revealed that the developed instructional material received a high validation rating from expert teachers, indicating that its content is sufficient and appropriate for instructional use. Moreover, both teachers and students strongly supported the developed instructional material, signifying their agreement on its effectiveness and design. The study also showed no significant difference in the level of acceptance between teachers and students regarding the e-journalism instructional material. Therefore, the e-journalism material received equal recognition and acceptance from both teachers and students, demonstrating its potential as a valuable teaching tool.

Keywords: *Writing skills, news, radio documentary, social awareness campaign*

## PANIMULA

Isa sa mga hamon ng makabagong pagtuturo ay ang pagpapahusay ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsulat gamit ang modernong pamamaraan. Isa na rito ang e-journalism na isang elektronikong kasangkapan na maaaring gamitin sa pagtuturo upang mapalawak ang kanilang kakayahan sa pagsulat ng mga akdang dyornalistiko. Ayon kina Nikitina et al. (2018), ang tamang paggamit ng wika at estilo sa elektronikong midya ay nakakatulong hindi lamang sa pagpapaganda ng *media texts* kundi pati sa pagpapanatili ng atensyon ng mambabasa, kaya't maaaring maging epektibong paraan ito sa pagtuturo ng wastong pagsulat. Maaaring magamit ang *journalism* upang

International Journal of Arts, Sciences and Education
Volume 6 Issue 1 | 2025
ISSN: 2799 - 1091
Page No. 140-150

turuan ang mga mag-aaral ng wastong pagsulat at mapalawak ang kanilang kasanayan sa wika at komunikasyon sa konteksto ng midya.

Sa Pilipinas, malaki ang ginagampanang papel ng midya at impormasyon sa edukasyon, partikular sa antas ng *Senior High School* (SHS). Gayunpaman, hindi madali ang epektibong pagtuturo ng *journalism* dahil sa kakulangan sa pagsasanay ng mga guro at limitadong mga materyales. Batay sa pananaliksik ni Bautista Jr. (2021), marami sa mga guro ang nahihirapang ituro ang paksa dahil sa hindi sapat na kaalaman at kagamitan. Samantala, binigyang-diin ni Garcia (2024) na marami pa rin ang gumagamit ng tradisyunal na paraan ng pagtuturo na hindi na akma sa kasalukuyang pangangailangan ng mga mag-aaral. Dagdag pa rito, isang malaking suliranin ang kakulangan ng suporta mula sa mga institusyon at ang limitadong oportunidad para sa propesyonal na pag-unlad ng mga guro, na nagiging hadlang sa pagpapahusay ng pagtuturo ng *journalism* sa mga paaralan.

Ang layunin ng pananaliksik na ito ay masukat ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng mga akdang dyornalistiko na magiging batayan sa pagbuo ng e-journalism na kagamitang panturo na makatutulong sa pagpapahusay sa kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng mga dyornalistikong akda. Ninais din na tukuyin ang balididiti at akseptabiliti ng nabuong kagamitang pampagtuturo at ang makabuluhang pagkakaiba ng pagtanggap ng mga guro at mag-aaral sa kagamitang panturo.

Upang mabigyang kasagutan ang mga hinahangad ng mananaliksik, ang mga akdang dyornalistiko na sinulat ng mga mag-aaral ay iwawasto gamit ang balidong rubrik na dumaan sa *content validity* at gagamitan ng mga talatanungan upang matukoy ang balididiti at akseptabiliti ng nabuong kagamitan.

Naglayon na masagutan ang mga sumusunod na tanong sa pananaliksik na ito:

1. Ano ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng balita ayon sa:
   1.1. Teknikal;
      1.1.1. Gramatika,
      1.1.2. Organisasyon,
   1.2. Nilalaman;
   1.3. Etika?
2. Ano ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng dokumentaryo ayon sa:
   2.1. Teknikal;
      2.1.1. Gramatika,
      2.1.2. Organisasyon,
   2.2. Nilalaman;
   2.3. Etika?
3. Ano ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng kampanyang panlipunan ayon sa:
   3.1. Teknikal;
      3.1.1. Gramatika,
      3.1.2. Organisasyon,
   3.2. Nilalaman;
   3.3. Hikayat?
4. Ano ang antas ng balidasyon ng *e-journalism* bilang kagamitang panturo sa pagsulat ng mga akdang dyornalistiko ayon sa:

4.1. Nilalaman;
4.2. Kaangkupan;
4.3. Pagkakalikha at Anyo?

5. Ano ang antas ng pagtanggap ng mga guro sa nabuong *e-journalism* bilang kagamitang panturo sa pagsulat ng mga akdang dyornalistiko ayon sa:
   5.1. Layunin;
   5.2. Nilalaman;
   5.3. Pormat;
   5.4. Presentasyon;
   5.5. Organisasyon;
   5.6. Pagsasanay?
6. Ano ang antas ng pagtanggap ng mga mag-aaral sa nabuong *e-journalism* bilang kagamitang panturo sa pagsulat ng mga akdang dyornalistiko ayon sa:
   6.1. Layunin;
   6.2. Nilalaman;
   6.3. Pormat;
   6.4. Presentasyon;
   6.5. Organisasyon;
   6.6. Pagsasanay?
7. May makabuluhan bang pagkakaiba ang antas ng pagtanggap ng guro at mag-aaral sa nabuong kagamitang panturo?

## METODOLOHIYA

### 2.1. Disenyo ng Pananaliksik

Ang pag-aaral na ito ay isinagawa ayon sa disenyo ng pamamaraang *Research and Development.* Ayon kay Gillaco (2014), ito ay pangunahing nakatuon sa paglalarawan, paghahambing, pagsusuri, at interpretasyon ng umiiral na datos kaya isinailalim sa pagsusuri ang mga isinulat na akda ng mga mag-aaral gamit ang itinakdang rubrik. Batay sa resulta ng pagsusuri ay natukoy ang kalakasan at kahinaan ng mga mag-aaral sa pagsulat na naging batayan sa pagbuo ng materyal na idinisenyo upang matugunan ang mga pangangailangan ng mga mag-aaral, lalo na sa pagpapahusay ng kanilang kasanayan sa pagsulat ng balita, dokumentaryong panradyo at kampanyang panlipunan. Upang matiyak ang bisa at epektibong paggamit ng *e-journalism* na kagamitang panturo, isinailalim ito sa proseso ng balidasyon at ebalwasyon pati na rin sa pagtanggap at pag-apruba ng mga guro at mag-aaral.

### 2.2. Respondente ng Pananaliksik

Ang mga respondente sa pag-aaral na ito ay kinabibilangan ng mga mag-aaral sa Baitang 9 ng *Junior High School* sa Mataas na Paaralang Pambansa ng Esperanza ng taong panuruan 2024-2025. Mula sa populasyong dalawang daan (200), pinili gamit ang *random sampling* na tatlumpu (30) na mag-aaral para sa pagkuha ng kasanayan sa pagsulat.

### 2.3. Instrumento ng Pananaliksik

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 140-150

Upang makalap ang kinakailangang datos para sa pagtukoy sa antas ng kasanayan sa pagsulat ng akdang dyornalistiko, gumamit ang mananaliksik ng rubrik. Ito ay hinango mula sa modelong rubrik ng pagtataya ng mga akdang pampahayagan mula sa pag-aaral nina Cabigao (2021), Ancheta at Macaltao (2021). Ang rubrik ay minodopika at iniangkop ayon sa layunin at pangangailangan ng kasalukuyang pag-aaral upang magamit sa pagtaya sa pagsulat ng mga mag-aaral kaya naman ay dumaan ito sa *content validity* ni Yussof (2019).

2.4. Proseso sa Pangangalap ng Datos

Sa pagsasagawa ng pananaliksik, humingi ng permiso ang mananaliksik mula sa Dekana ng Paaralang Gradwado ng Sultan Kudarat State University. Kasunod nito, nagpadala ng liham-pahintulot sa Tanggapan ng Tagapamahala ng mga Paaralan sa Dibisyon ng Sultan Kudarat upang opisyal na humingi ng pagsang-ayon para sa pag-aaral. Bukod dito, nakipag-ugnayan din ang mananaliksik sa Punongguro upang maisagawa ang pagtataya sa mga mag-aaral, na may layuning matukoy ang kanilang antas ng kasanayan sa pagsulat ng akdang dyornalistiko. Ang bawat mag-aaral ay binigyan ng tatlong *set* ng pagtataya sa pagsulat: tatlong (3) balita, tatlong (3) dokumentaryo at tatlong (3) kampanyang panlipunan na may kabuoang siyam (9) na pagtataya bawat kalahok upang mapanatili ang *consistency* ng pag-aaral.

Matapos ang pagsusuri sa mga awtput, sinimulan na ang pagbuo ng kagamitang panturo na *e-journalism*. Sa puntong ito, nagsumite na ang mananaliksik ng liham-pahintulot sa tanggapan ng Pambansang Mataas na Paaralan ng Esperanza upang mapasailalim ito sa balidasyon. Ang balidasyon ay dumaan sa pitong (7) gurong eksperto na magsisilbing balideytors at nagtuturo rin ng Filipino.

## RESULTA

Inilahad sa mga sumusunod na talahanayan ang antas ng kasanayan sa pagsulat ng mga akdang dyornalistiko sa pagbuo ng *e-jounalism* na kagamitang panturo.

Antas ng Kasanayan sa Pagsulat ng Balita

| Indikeytor | SD | Mean | Deskriptibong Antas |
|---|---|---|---|
| 1. Teknikal | | | |
| 1.1 Gramatika | 0.70 | 3.64 | Mataas |
| 1.2 Organisasyon | 0.84 | 3.71 | Mataas |
| 2. Nilalaman | 0.64 | 3.70 | Mataas |
| 3. Etika | 0.48 | 3.65 | Mataas |
| Kabuoan | 0.67 | 3.68 | Mataas |

Makikita sa resulta na ang organisasyon ang nagtamo ng pinakamataas na *mean* na 3.71 (SD = 0.84), na may deskriptibong rating na nagpapakita ng mataas na kasanayan. Sumunod dito ang nilalaman na may *mean* na 3.70 (SD = 0.64), na nagpakita rin ng mataas na kasanayan. Samantala, ang etika ay may *mean* na 3.65 (SD = 0.48), na sinundan ng gramatika na may *mean* na 3.64 (SD = 0.70), kung saan parehong natukoy ang mataas na kasanayan batay sa deskriptibong rating. Sa pangkalahatan, ang mga mag-aaral ay nagpakita ng mataas na antas ng kasanayan sa pagsulat ng balita na may *mean* na 3.68 (SD = 0.67).

Batay sa datos sa talahanayan, bagaman may bahagyang pagkakaiba sa *mean* ng bawat kategorya, ito ay nasa mataas na antas na nagpapahiwatig ng kanilang kahusayan sa teknikal,

 ISSN: 2799 - 1091
Page No. 140-150

nilalaman at etika na pamantayan ng rubrik sa pagsulat ng balita. Sa teknikal na bahagi partikular sa gramatika, masasalamin na ang mga mag-aaral ay sumunod sa alituntunin ng tamang paggamit ng bantas at wastong baybay ng salita. Ang mataas na iskor naman sa nilalaman at etika ay nagpapakita na epektibo nilang naipapahayag ang kanilang mga ideya sa isang maayos at lohikal na pagkakasunod-sunod na paraan at naisusulat nila nang buo at may saysay ang mahahalagang impormasyon. Sa pangkalahatan, ang kabuoang resulta ay nagpapatunay na ang mga mag-aaral ay may matibay na kasanayan sa pagsulat ng balita.

Ang kinalabasan ng pag-aaral na ito ay may pagkakatulad sa pananaliksik nina Deramas at Marbella (2022), kung saan natukoy na ang mga respondente ay may mataas na antas ng kasanayan sa pagsulat ng balita. Ayon naman kay Albunan (2019), ang epektibong pagsulat ng balita ay nangangailangan ng husay sa pagbuo ng talata, kabilang ang tamang paggamit ng indensyon at espasyo, wastong pagbabaybay, angkop na pagbabantas, at maayos na paggamit ng malalaki at maliliit na titik. Dahil dito, mahalagang pagtuunan ng pansin at sanayin ang tamang paggamit ng mga titik bilang isa sa mahahalagang salik sa pagsulat ng balita.

Antas ng Kasanayan sa Pagsulat ng Dokumentaryong Panradyo

| Indikeytor | SD | Mean | Deskriptibong Antas |
|---|---|---|---|
| 1. Teknikal | | | |
| 1.1. Gramatika | 0.68 | 3.73 | Mataas |
| 1.2. Organisasyon | 0.65 | 4.24 | Mataas |
| 2. Nilalaman | 0.61 | 4.12 | Mataas |
| 3. Etika | 0.36 | 4.12 | Mataas |
| Kabuoan | 0.55 | 4.04 | Mataas |

Batay sa talahanayan, makikita na ang pinakamataas na *mean* ay ang organisasyon na may *mean* na 4.24 (SD = 0.65), na may deskriptibong antas na mataas na kasanayan. Samantala ang nilalaman at etika ay kapwa may *mean* na 4.12, na may *standard deviation* na (*SD*=0.61) at (*SD*=0.36) na nagpapahiwatig din ng mataas na kasanayan. Ang gramatika na may *mean* na 3.73 (SD = 0.68) ay nagtala rin ng deskriptibong antas na mataas na kasanayan. Sa kabuoan, may mataas na kasanayan ang mga mag-aaral sa pagsulat ng dokumentaryong panradyo na may *mean* na 4.04 (SD = 0.55).

Batay sa naitalang datos, ang organisasyon ang may pinakamataas na *mean*, na nagpapahiwatig ng mahusay na kasanayan ng mga mag-aaral sa maayos na pag-aayos at pagpapanatili ng daloy ng kanilang isinulat. Samantala, parehong mataas ang mean ng nilalaman at etika, na nangangahulugang may kakayahan ang mga mag-aaral sa pagpapalawak ng ideya at pagsunod sa mga etikal na pamantayan sa pagsulat.

Sinuportahan ni Lindgren (2011), na ang pagsulat na nangangailangan ng masusing pananaliksik tulad ng pagsulat ng iskrip na ginagamit sa dokumentaryong panradyo ay nangangailangan ng pag-unawa dahil ang mga dokumentaryo ay madalas na nagtatampok ng mga tunay na tao at kanilang mga karanasan.

Antas ng Kasanayan sa Pagsulat ng Kampanyang Panlipunan

| Indikeytor | SD | Mean | Deskriptibong Antas |
|---|---|---|---|

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 140-150

| | | | |
|---|---|---|---|
| 1. Teknikal | | | |
| 1.1. Gramatika | 0.41 | 3.10 | Katamtaman |
| 1.2. Organisasyon | 0.49 | 3.11 | Katamtaman |
| 2. Nilalaman | 0.48 | 2.93 | Katamtaman |
| 3. Etika | 0.45 | 3.06 | Katamtaman |
| Kabuoan | 0.46 | 3.06 | Katamtaman |

Makikita sa talahanayan na ang mga indikeytor batay sa organisasyon ay nakakuha ng pinakamataas na *mean* na 3.11 (SD = 0.49) habang bahagyang mas mababa ang gramatika na may *mean* na 3.10 (SD = 0.41) ay parehong nasa katamtamang antas. Samantala, ang nilalaman ay may *mean* na 2.93 (SD = 0.48), na nagpapahayag din ng katamtamang antas. Ang mga indikeytor sa hikayat ay naitala ang *mean* na 3.06 (SD = 0.45), na nananatili parin sa katamtamang antas. Sa pangkalahatan, may katamtamang kasanayan ang mga mag-aaral sa pagsulat ng kampanyang panlipunan, batay sa *mean* na 3.06 (SD = 0.46).

Batay sa pagsusuri ng datos, lumitaw na nasa katamtamang antas ang kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng kampanyang panlipunan pagdating sa teknikalidad, nilalaman, at etika. Sa tatlong ito, pinakamababa ang iskor sa nilalaman, na maaaring nagpapahiwatig ng pangangailangang higit pang paghusayin ang bahaging ito. Samantala, ipinapakita ng kabuuang mean na nananatili sa katamtamang antas ang kanilang kasanayan, nangangahulugang bagama't may batayang kakayahan na sila sa pagsulat, mayroon pa ring mga aspeto na kailangang pagtuunan ng pansin upang mapabuti ang kalidad ng kanilang mga isinulat na kampanyang panlipunan.

Ayon kina Dray et al. (2009), ang husay ng mga mag-aaral sa pagsulat ay nakaangkla sa kanilang kasanayan sa pagbasa, pagsulat, at pakikisalamuha. May positibong kaugnayan ito sa kakayahang lumikha ng mapanghikayat na teksto. Samantala, binigyang-diin nina Mishnick at Wise (2024) na ang pagsulat ng kampanyang panlipunan ay mahalaga sa pagpapahayag ng empatiya gamit ang malikhaing pagsulat at pagsusuri ng mga tauhan at iba pang kaugnay na paksa.

Antas ng Balididiti ng Kagamitang Panturo na *E-Journalism*

| Indikeytor | Mean | SD | Deskriptibong Antas |
|---|---|---|---|
| 1. Nilalaman | 0.36 | 4.64 | Lubos na Sumasang-ayon |
| 2. Kaangkupan | 0.49 | 4.66 | Lubos na Sumasang-ayon |
| 3. Pagkakabuo at Anyo | 0.44 | 4.61 | Lubos na Sumasang-ayon |
| Kabuoan | 0.43 | 4.64 | Lubos na Sumasang-ayon |

Makikita sa talahanayan na ang pamantayan mula sa nilalaman na may *mean* na 4.64 (*SD*= 0.36) ay nakakuha ng deskriptibong antas na lubos na sumasang-ayon. Ang pamantayan mula sa kaangkupan na may *mean* na 4.66 (*SD*= 0.49) ay nakakuha ng deskriptibong antas na lubos na sumasang-ayon. Samantala, ang pamantayan mula sa pagkakabuo at anyo na may *mean* 4.61 (*SD*=0.44) ay nakakuha ng lubos na sumasang-ayon. Sa kabuoan, ang resulta para sa antas ng

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 140-150

baliditi sa nabuong kagamitang pampagtuturo na *e-journalism*, may *mean* na 4.64 (*SD*=0.43) at may deskriptibong antas na lubos na sumasang-ayon.

Batay sa pagsusuri ng datos, makikita na ang nabuong kagamitang pampagtuturo na *e-journalism* ay nakakuha ng mataas na antas ng pagsang-ayon sa lahat ng pamantayan na nilalaman, kaangkupan, pagkakabuo at anyo. Ang kaangkupan na may pinakamataas na mean ay nangangahulugang ang materyal ay angkop at epektibong naiaangkop sa mga layunin ng pagkatuto. Samantala, ang pagkakabuo at anyo ay nagpapakita na ang disenyo at presentasyon ng materyal ay malinaw at epektibo para sa mga tagagamit nito. Sa pangkalahatan, ang nakuhang mean na lubos na sumasang-ayon ay nagpapahiwatig na ito ay tumutugon sa pamantayang kinakailangan upang ito ay maging epektibong gamit sa pagtuturo ng *e-journalism*.

Ayon kay Resuma (2007), ang nilalaman ay kailangang umayon sa kakayahan at pangangailangan ng mga mag-aaral upang matupad ang itinakdang layunin. Samantala, binigyang-diin nina Artini et al. (2018) na mahalagang tiyakin na ang mga aralin at pagsasanay ay may kaugnayan at akmang nilalaman.

Antas ng Pagtanggap ng mga Guro sa Kagamitang Pampagtuturo na e-*Journalism.*

| Indikeytor | SD | Mean | Deskriptibong Antas |
|---|---|---|---|
| 1. Layunin | 0.35 | 4.79 | Lubos na Katanggap-tanggap |
| 2. Nilalaman | 0.42 | 4.63 | Lubos na Katanggap-tanggap |
| 3. Format | 0.48 | 4.51 | Lubos na Katanggap-tanggap |
| 4. Presentasyon | 0.48 | 4.60 | Lubos na Katanggap-tanggap |
| 5. Organisasyon | 0.53 | 4.48 | Lubos na Katanggap-tanggap |
| 6. Pagsasanay | 0.42 | 4.80 | Lubos na Katanggap-tanggap |
| Kabuoan | 0.45 | 4.63 | Lubos na Katanggap-tanggap |

Ipinapakita ng talahanayan sa lahat ng pamantayan ay nakakuha ng deskriptibong antas na lubos na katanggap-tanggap. Ang layunin ay may *mean* na 4.79 (*SD*=0.35) Sa pamantayang nilalaman ay may *mean* na 4.63 (*SD*=0.42). May *mean* na 4.51 (*SD*=0.48) naman ang pamantayan ng format. Sa presentasyon naman ng pamantayan ay may *mean* na 4.60 (SD=0.48). Sa organisasyon ay may *mean* na 4.48 (*SD*=0.53). Sa panghuling pamantayan na pagsasanay ay may *mean* na 4.80 (*SD*=0.42). Sa kabuoan, ang *mean* para sa antas ng pagtanggap sa nabuong kagamitang pampagtuturo na *e-journalism* ay 4.63 (*SD*=0.45).

Batay sa pagsusuri, ang e-journalism bilang kagamitang pampagtuturo ay itinuring na mataas ang kalidad at epektibo, dahil natanggap ito bilang lubos na katanggap-tanggap sa lahat ng pamantayan. Pinakamataas ang naging pagtanggap sa bahagi ng pagsasanay at layunin, na nagpapahiwatig ng malinaw at tiyak na direksyon ng materyal at epektibong pagpapalawak ng kasanayan ng mga mag-aaral. Samantala, ang nilalaman nito ay sapat sa lalim at lawak upang suportahan ang pag-unawa ng mga mag-aaral. Bagaman ang format at presentasyon ang may pinakamababang mean, nananatili pa rin ito sa antas ng lubos na katanggap-tanggap, na nangangahulugang malinaw, organisado, at madaling gamitin ang materyal.

Ayon kina Neier at Zayer (2015), mahalagang gamitin ng mga guro ang kagamitang pampagtuturo na may integrasyong teknolohikal upang mapahusay ang proseso ng pagkatuto ng

mga mag-aaral. Samantala, ayon naman kina Flores et al. (2012), ang mga kagamitang ito ay maaaring magsilbing gabay sa pagkatuto na maaaring gamitin nang malaya, maging sa loob o labas ng paaralan.

Antas ng Pagtanggap ng mga Mag-aaral sa Kagamitang Pampagtuturo na *E-Journalism.*

| Indikeytor | SD | Mean | Deskriptibong Antas |
|---|---|---|---|
| 1. Layunin | 0.38 | 4.80 | Lubos na Katanggap-tanggap |
| 2. Nilalaman | 0.41 | 4.79 | Lubos na Katanggap-tanggap |
| 3. Format | 0.38 | 4.83 | Lubos na Katanggap-tanggap |
| 4. Presentasyon | 0.34 | 4.87 | Lubos na Katanggap-tanggap |
| 5. Organisasyon | 0.31 | 4.89 | Lubos na Katanggap-tanggap |
| 6. Pagsasanay | 0.35 | 4.86 | Lubos na Katanggap-tanggap |
| Kabuoan | 0.36 | 4.84 | Lubos na Katanggap-tanggap |

Ang resulta ay nagpapakita na ang organisasyon ang may pinakamataas na *mean* na (4.89, SD=0.31), kasunod ang presentasyon na may *mean* na (4.87, SD=0.34) at pagsasanay na may *mean* na (4.86, SD=0.35) na may deskriptibong antas na lubos na katanggap-tanggap. Gayundin, nakuha rin ng format (4.83, SD=0.38), layunin (4.80, SD=0.38), at nilalaman (4.79, SD=0.41) ang parehong deskriptibong antas. Sa kabuuan, ang *mean* na 4.84 (SD=0.36) ay nagpapakita na ang e-journalism bilang kagamitang pampagtuturo ay lubos na tinanggap ng mga mag-aaral.

Batay sa pagsusuri, ang mataas na *mean* at mababang *standard deviation* sa lahat ng pamantayan ay nagpapakita ng matibay na pagtanggap ng mga respondente sa e-journalism bilang kagamitang panturo. Ipinapahiwatig nito ang pagkakapare-pareho ng pananaw ng mga mag-aaral at ang epektibong papel ng *e-journalism* hindi lamang bilang pantulong sa pagtuturo kundi bilang kasangkapan sa pagpapalakas ng kasanayan sa pagsulat ng mga akdang dyornalistiko.

Ang resulta ng pag-aaral ay tumutugma sa resulta ng pag-aaral nina Quisambing et al., (2017), ang pagbuo ng isang kagamitang pampagtuturo ay nakadisenyo sa pagpapaunlad ng kaalaman ng mag-aaral. Ayon kay Mangila (2018), ang kagamitang pampagtuturo ay mahalagang kagamitan at suporta sa mag-aaral at sa kanilang pagkatuto.

Makabuluhang Pagkakaiba sa Antas ng Pagtanggap ng Guro at Mag-aaral sa Nabuong Kagamitang Panturo na *e-journalism*

| | | *Sum of Squares* | *Df* | *Mean Square* | *F* | *Sig.* |
|---|---|---|---|---|---|---|
| *Between Groups* | *(Combined)* | .056 | 3 | .019 | .774 | .581 |
| | *Linearity* | .003 | 1 | .003 | .124 | .748 |
| | *Deviation from Linearity* | .053 | 2 | .026 | 1.099 | .438 |
| *Within Groups* | | .072 | 3 | .024 | | |

| | | |
|---|---|---|
| Total | .128 | 6 |

Ang pagsusuri gamit ang ANOVA ay nagpakita ng isang *significant value* na 0.748, na mas mataas kaysa sa itinakdang 0.05 *level of significance*. Ipinapahiwatig nito na walang makabuluhang pagkakaiba sa pananaw ng mga guro at mag-aaral patungkol sa nabuong kagamitang panturo sa *e-journalism*. Sa madaling salita, pareho ang kanilang antas ng pagtanggap, na nagpapakita ng pagiging epektibo at angkop ng materyal para sa parehong pangkat.

Ang kinalabasan ng pananaliksik na ito ay tumutugma sa natuklasang resulta sa pag-aaral nina Aniceto et al. (2024), kung saan parehong mataas ang antas ng pagtanggap ng mga mag-aaral at guro. Gayundin, katulad ito ng natuklasan sa pananaliksik ni Astorga (2024), na nagpakita na ang binuong kagamitang panturo ay walang makabuluhang pagkakaiba sa antas ng pagtanggap ng dalawang pangkat.

## KONKLUSYON

Mula sa mga natuklasang resulta ng pag-aaral na ito, nabuo ang mga sumusunod na konklusyon:
Nagpamalas ng mahusay na antas ng kasanayan sa pagsulat ng balita at dokumentaryong panradyo ng mga mag-aaral. Ito ay nangangahulugang nakamit ang mga itinakdang pamantayan ng gawain sa gramatika, organisasyon, nilalaman at etika ng pagsulat ng balita at dokumentaryong panradyo. Samantala, katanggap-tanggap naman ang resulta ng antas ng kasanayan sa pagsulat ng kampanyang panlipupunan. Ito ay nangangahulugang nakamit ng mga mag-aaral ang mga inaasahan at itinakdang pamantayan ayon sa teknikal, nilalaman at hikayat sa pagsulat ng kampanyang panlipunan.
Nagkaroon naman ng mataas na antas ng balidasyon na natanggap mula sa mga ekspertong guro ang nabuong kagamitang panturo na *e-journalism.* Nangangahulugan na ang nabuong kagamitang panturo ay sapat at angkop ang nilalaman bilang kagamitang panturo.
Lubos naman na sinuportahan ng mga guro ang lahat ng aspeto ng nabuong kagamitang panturo na *e-journalism.* Nangangahulugang sumasang-ayon ang mga guro sa bisa at disenyo ng *e-journalism* na kagamitang panturo. Samantala, sinuportahan din ng mga mag-aaral ang e-journalism. Ipinapahiwatig lamang na umangkop ito sa kanilang interes sa pagkatuto sa pagsulat ng mga akdang dyornalistiko.
Sa huli, ipinapakita ng resulta ng ANOVA na ang e-journalism ay epektibo at angkop para sa parehong guro at mag-aaral. Ipinapahiwatig nito ang pantay na bisa at mataas na antas ng pagtanggap, na nagpapakita ng potensyal nito bilang mahalagang kasangkapan sa pagtuturo.

## SANGGUNIAN

Albunan, L. (2019). *Ang antas ng kasanayan sa pagsulat ng sulatin ng dalawang grupo ng mga mag-aaral sa ikapitong baitang sa Nagpayong High School*. [Unpublished master's thesis or dissertation].

Ancheta, E., Macaltao, M.T., (2021). Kasanayan sa pagsulat at mga gawi sa pagsusuri ng mga tagapayo ng peryodismong pangkampus. *Dyornal ng Edukasyon at Araling Panlipunan. Pangasinan State Universty Research Review.* Vol. 2 Isyu:1

Aniceto, F., Immangdul, H., Behhay, H., Ongan, M.G. (2024). Pagsusuri sa metodong online sa pagtuturo at pagkatuto ng mga mag-aaral sa IFSU. *International Journal of Advanced Multidisciplinary Studies,* Volume 4, Issue 4 April 2024, eISSN: 2799-0664.

Artini, L. P., Ratminingsih, N. M., & Padmadewi, N. N. (2018). Project-based learning in EFL classes: Material development and impact of implementation. *Dutch Journal of Applied Linguistics, 7*(1), 26–44. https://doi.org/10.1075/dujal.17014.art

Astorga, E. (2024). Pagbuo ng mungkahing modyul sa pananaliksik , wika at panitikan sa panahon ng pandemya. *International Journal of Research Studies in Education.* 13(15), 97–105.

Banares, A. J. (2022). Reinterpreting Sonnet 18 by William Shakespeare through Stylistic Analysis. International Journal of Arts, Sciences and Education, 3(July Special Issue), 189–204. https://ijase.org/index.php/ijase/article/view/163.

Bangayan- Manera, A. (2020). Writing Without Permission: A Case study on Skinner's Analogy through Vandalism. International Journal of Psychosocial Rehabilitation. 24 (08), 571-578

Bangayan-Manera, A, Vecaldo, R. & Saquing J. (2020). Cultural Structuring of Urok Practices: An Intercultural Communication of Bago Tribe in Kalinga, Philippines. International Journal of Psychosocial Rehabilitation.24 (6), 13193-13217

Bautista Jr., A. (2021). Teaching media and information literacy in Philippine senior high schools: Strategies used, and challenges faced by selected teachers. *Asian Journal on Perspectives in Education*.

Cabigao, J. R. (2021). Pagbuo at Balidasyon ng Isang Mungkahing Modelong Rubrik sa Pagmamarka ng Mga Sulatin sa Antas Graduwado 19 https://www.researchgate.net/publication/350888318

Decena, A. J. (2021). A Survey on the Reading Difficulties Of K-12 Learners In Selected Tagalog-Speaking Provinces: Basis for Intervention . International Journal of Arts, Sciences and Education, 1(2), 219–226. Retrieved from https://ijase.org/index.php/ijase/article/view/61

Deramas, M. A. F., & Marbella, F. D. (2022). Antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng balita sa ika-anim na baitang ng Special Program in Journalism. *International Journal of Business Management and Economic Review*, *5*(6). https://doi.org/10.35409/IJBMER.27022.3450

Dray, A., Selman, R., & Schults, L. H. (2009). Communicating with intent: A study of social awareness and children's writing. *Journal of Applied Developmental Psychology*, *30*(2), 116–128. https://doi.org/10.1016/j.appdev.2008.11.003

Eijansantos, A. M., Alieto, E. O., Emmanuel, M. S., Pasoc, M. G. O., & Bangayan-Manera, A. (2021). Interspeaker variation in the negated perfective aspect of Zamboanga Chavacano. Linguistics and Culture Review, 5(S3), 287-309. https://doi.org/10.21744/lingcure.v5nS3.1528

Flores, K. L., Matkin, G. S., Burbach, M. E., Quinn, C. E., & Harding, H. (2012). Deficient critical thinking skills among college graduates: Implications for leadership. *Educational Philosophy and Theory*, *44*(2), 212–230. https://doi.org/10.1111/j.1469-5812.2010.00672.x

Garcia, J. A. (2024). The impact of journalism education on teaching practices: A local perspective. *Philippine Journal of Educational Research*, *16*(1), 32-49.

Gillaco, M. (2014). Level of word recognition and reading comprehension: A basis for a reading program.

Lindgren, M. (2011). *Journalism as research: Developing radio documentary from practice* (Unpublished doctoral dissertation). Murdoch University.

Mangindra, A., & Sandoval, M. A. (2021). Maguindanaon-Taw sa Laya epics Balatamay Lumëna, Diwata Kasaripan and Raha Samadaya: A reflection of their addat. International Journal of Research Studies in Education, 10(4), 101-110.

Mangindra, A. P. (2025). Preserving the legacy: A thematic analysis of heirloom narratives from the Bangsamoro-Maguindanaon. International Journal of Research Studies in Education, 14(2), 17-26.

Mangila, Benjamin B. (2018). Are Ims culturally relevant? A critical analysis of the instructional materials used in mother tongue-based multiligual education program. *Asia Pacific Journal of Multidisciplinary Research*, Vol. 6, No. 2, May 2018, pp 53-60.

Mishnick, N., & Wise, D. (2024). Social media engagement: An analysis of the impact of social media campaigns on Facebook, Instagram, and LinkedIn. *International Journal of Technology in Education (IJTE)*, *7*(3), 535–549. https://doi.org/10.46328/ijte.699

Neier, S.; Zayer, L.T. Students' perceptions and experiences of social media in higher education. J. Mark. Educ. 2015, 37, 133–143. [CrossRef]

Nikitina, T., Spirchagova, A., Gilmanova, E., & Kapustina, E. (2018). Educational strategy in teaching journalism students: How to create thematic variety in electronic media communication. *Inted2018 Proceedings*, 61-69.

Quisambing, L. A., Caluza, LJ. B., Funcion, DG. D. (2017). Views and preferences in the development of instructional materials for IT courses: The case of BSIT students. *Journal of Recent Advances in Multidisciplinary Research.* Vol. 04, Issue 09, September 2017, pp.2758-2765.

Resuma, V. M. (2007). *Pagsusulit sa pagkuha ng lisensya para sa mga guro (LET), reviewer sa Filipino*. C & E Publishing, Inc

Saquing, J. B. (2018). Intercultural Communicative Competence of Bachelor of Science in Secondary Education ( BSED) Major in English Students: A Basis for Proposed Integration of Internationalization in the BSED Major in English Curriculum. The Asian EFL Journal, 20 (12.4),8-29.

Yusoff, M. S. B., (2019). ABC of content validation and content validity index calculation. *Education in Medicine Journal.* 2019; 11(2):49-54. https://doi.org/10.21315/eimj2019.11.2.6